# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 30, 2023, LUNES, IKA-9:32 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President<br>Nasa lakad - opisyal |

RECEIVED 08 MAR 2023 Santa Cruz, Laguna

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RELEASED Name: Date: Time: Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 156-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 143-T2022/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 07-T2022 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWAMPU'T PITONG LIBO LIMANG DAAN LABING LIMANG PISO AT APATNAPU'T ISANG SENTIMOS (P27,515.41) PARA SA ISANG BAHAGDANG (1%) CHILD PROTECTION FUND NG BARANGAY POBLACION II.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Poblacion II para sa Child Protection sa taong 2023;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan para sa Child Protection ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 143-T2022/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 07-T2022 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P27,515.41 par a sa Isang Bahagdan (1%) Pondo para sa Child Protection ng Barangay Poblacion II.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion II, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 30, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

3-7-23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

030723229